## Pagkontrol ng Peste at Sakit

**<u>Dapulak o Whitefly</u>** – ito ay may dalang virus at maaaring mapigilan sa pamamagitan ng pag bomba ng dinikdik na buto ng neem o ano mang maamoy na halaman. Kung malala na ang pinsala, bombahan ng systemic na pamatay-insekto.

**<u>Ahas-ahas o Leaf miner</u>** – ang dilaw na pandikit o yellow sticky trap ay maaaring ilagay kada 5 metro. Maaari ring gumamit ng light trap sa dilaw na lalagyan kada 250 metro kuwadrado.

**<u>Uod ng Kamatis o Tomato Fruit Worm</u>** - lagyan ng egg parasitoid na *Trichogramma* 2 linggo pagkatapos magtanim o 1 card kada 10 metro kuwadrado tuwing isang linggo. Kung malala na ang pinsala, bombahan ng biological insecticides gaya ng Xentari, Dipel, o Halt.

**<u>Bacterial wilt</u>** – Bunutin at ibaon ang mga halaman na may sintomas na ng sakit.

## Pag-aani

**<u>Processing tomatoes</u>** ay inaani kapag hinog at pula na ang kulay ng bunga para masiguro na tama ang kulay ng processed na produkto

**<u>Fresh market tomatoes</u>** ay inaani kung berde at malapit ng mahinog ang bunga

## Pagbibinhi

Hatiin ang bunga ng kamatis at pigain ang buto kasama ang katas. Iburo ito ng 1-3 araw. Pagkatapos ay salain ang mga buto upang mahiwalay ito sa tubig. Ilagay sa netbag ang mga buto at patuyuin sa pamamagitan ng hangin ng 2-3 araw. Itabi ang mga buto sa garapon, lata o plastic container at takipan nang mahigpit.


Inihanda nina:
**Flora A. Jarilla** / Supervising Agriculturist
**Mercedes L. Dela Cueva** / Agriculturist II
**Eugenia M. Buctuanon** / Agriculturist II
**Netnet B. Deseo** / Project Assistant III

Base sa reference guide na ginawa ni:
**Niña R. Rosales** / Agriculturist II



Mula sa Proyektong pinondohan ng:
**Department of Agriculture**
**Bureau of Agricultural Research**

Support to Quality Seed Production of Field and Vegetable Legumes through Promotion of National Seed Industry Council (NSIC) Varieties in CALABARZON


Para sa karagdagang impormasyon, tumawag o sumulat kay:


**HERMINIGILDA A. GABERTAN, Ph.D.**
***Agricultural Center Chief IV***
BUREAU OF PLANT INDUSTRY
Los Baños National Crop Research, Development and Production Support Center
4030 Los Baños,Laguna

(049) 536-0285
(049) 536-7931
bpi_losbanos@buplant.da.gov.ph
Bureau of Plant Industry – Los Baños Center



Department of Agriculture
**Bureau of Plant Industry**
Los Baños National Crop Research, Development and Production Support Center


# GABAY SA PAGTATANIM NG KAMATIS



# ANG KAMATIS

## Kahalagahan

Ang kamatis ay karaniwang ginagamit sa pagluluto ng iba't ibang putahe. Ito ay pinoproseso upang gawing katsup, sauce, tomato paste at pampalasa. Ang bunga ay mayaman sa bitamina at mineral. Ang kanyang puno ay maaaring gawing papel. Mayroon itong antibiotic na tinatawag na tomatine na makukuha sa kanyang buto. Ang pinatuyong balat ng prutas ng kamatis na hinaluan ng pectin ay ginagamit na panlunas sa pagtatae at bacillary dysentery.

## Mga Uri ng Kamatis

**Determinate Tomatoes** - ay para sa processing at fresh market

**Indeterminate Tomatoes** - ay pang fresh market, pang salad cherry o maliliit na kamatis

## Rekomendadong Barayti

**NSIC Tm9** – ito ay isang determinate na kamatis na nagmula sa AVRDC at unang inilabas sa merkado noong 1999. Ang bilog-haba na prutas ay tumitimbang ng 30 g at ang potensyal na ani nito 25 tonelada/ektarya. Ang barayti na ito ay moderately resistant sa bacterial wilt at tomato mosaic virus.


NSIC Tm9

**Animax 1** – ito ay isang determinate na kamatis na nadevelop ng BPI-LBNCRDPSC at ipinakilala noong 2005. Ang prutas ay bilog at kulay pula. Ang potensyal na ani nito ay 36 tonelada/ektarya kung tag araw.


Animax 1

# PAGTATANIM AT PAG-AALAGA

## Paghahanda ng lupang tataniman

- Pumili ng lupang madaling matuyo at mabuhangin o sandy loam na may pH na 6.0-7.0.
- Araruhin at suyurin ang lupa ng dalawang beses.
- Para sa lupang pagpupunlaan ng buto, lagyan ng pare-parehong dami ng garden soil, compost, dumi ng baboy, ipa ng palay, at buhangin. Gumawa ng mababaw na linya na may 5 sentimetrong agwat. Ipunla ang buto sa linya at tabunan ng manipis na pinaghalong lupa.



## Paglilipat ng Punlang Kamatis

Ilipat ang mga ipinunlang kamatis matapos ang 3-4 na linggo. Itanim ito sa lupang taniman na may agwat na 1 metro bawat tudling at 30 sentimetro bawat puno.



## Pag-aabono

- Maglagay ng kompost o dumi ng baboy sa butas kung saan itatanim ang punla sa daming 2-5 tonelada/ektarya o 1-2 kilo/5 metro tudling.
- Ang basal fertilizer o complete fertilizer (14-14-14) ay ilalagay bago magtanim sa daming 100 gramo/5 metro kuwadrado.
- Ang ikalawang paglalagay ng abono ay makalipas ang 2 linggo pagkatapos magtanim.
- Ang ikatlong paglalagay ng abono sa parehong dami ay makalipas ang 4 na linggo pagkatapos magtanim.



## Pag-aalis ng damo at Paglilinang

Ang pagtatastas at pagtatabon ay ginagawa pagkatapos ng ikalawa at ikatlong paglalagay ng abono. Kailangang maggamas sa loob ng unang buwan mula sa pagtatanim.

